ACN #02T

Abueli's Cook Notes
Artichoke Dip

Listahan ng Dapat Bilhin
(Mula sa Marketplace by Rustan's)
Tortilla Chips / Crostini / Crackers
1 can of Artichoke Hearts
1/2 cup Parmesan Cheese
1/2 cup Mayonaise

Pamamaraan:
1. I-on ang oven sa 350°F o 180°C
2. Salain ang artichoke hearts.
3. Pagsama-samahin ang artichoke hearts, parmesan cheese, at mayonnaise. Maaring iayon and dami ng parmesan at mayonnaise sa iyong panlasa.
4. Lamasin ang mga ito ng tinidor at kutsara o gumamit ng blender.
5. Ilipat sa isang lalagyan na ligtas gamitin sa oven.
6. Ilagay ang dip sa oven sa loob ng 12-15 minuto o hanggang sa bahagyang maging tustado ang ibabaw nito.
7. Ihain ng may kasamang chips, crostini, o crackers.

Humigit-Kumulang na Presyo
(as of Dec 16, 2016)
Tortilla Chips P160 - P200
Can of Artichoke Hearts P200
Parmesan Cheese P250
Mayonaise P150 - P280

Notes:
* Kung maari, piliin ang special mayonaise dahil ang kalidad nito ay magbibigay ng malaking kaibahan sa magiging huling lasa ng dip.
* Ang mga bagay na ito ay mabibili din sa Terry's Selection o Santi's.
* Bilhin ang plain na artichoke hearts, iwasan bilhin ang artichoke hearts with herbs kapag hindi sapat ang oras para gumawa ng pansubok na batch.